
PAGSUSURI NG MGA ITINANIM NA PANANIM PAGKATAPOS NG SUNOG

# Mga Patnubay Para sa mga Indibidwal

Matapos ang isang sunog sa kalikasan, maaaring maapektuhan ng usok at abo ang iyong mga tanim na prutas at gulay. Ang mga simpleng patnubay na ito ay makakatulong sa iyo na suriin ang iyong mga pananim para sa anumang kontaminasyon at gumawa ng matalinong desisyon kung dapat mo itong anihin at kainin. ***Kung may pagdududa, itapon na lang.***



## Bago gamitin o kainin ang ani mula sa sariling hardin sa bahay


Ang usok mula sa sunog ay maaaring magdala ng mga kontaminadong sangkap mula sa abo at nasunog na likas o gawa ng tao na materyales. Magsuot ng personal na kagamitang pangproteksyon tulad ng respireytor na N95, goma na guwantes at bota, at damit na may mahabang manggas at pantalon kapag nililinis ang abo mula sa hardin.

**Ang mga pangkaraniwang kontaminadong sangkap ay kinabibilangan ng:**

- **Mga hydrocarbon** gaya ng mga mababang petrolyo mula sa mga kalsada, garahe ng kotse, omga industriya ng sasakyan
- **Mga mabibigat na metal** tulad ng tingga (lead), kadmio(cadmium), nikel at arseniko (arsenic) sa mga metal, lumang pintura ng gusali at tubo, electroniko (electronics), baterya, at maraming proseso ng industriya
- **Mga kemikal** mga lugar/kapiligiran (setting) ng bukid o paysahe (landscape), makina o kagamitan
- **Mga mapanganib na sangkap** na ginagamit o iniimbak sa mga pang-industriyang lugar at mga gusali sa lugar ng sunog

### Para sa mga lugar na labis na natatakpan ng abo

Kung ang prutas/gulay (produce) ay ganap na natatakpan ng abo, itapon ito sa basurahan ng bakuran.



Ang paghuhugas ng mga prutas/gulay (produce) ng lubusan ay maaaring makatulong na mabawasan ang mga kontaminado sa ibabaw, ngunit hindi nito maalis ang mga lason na maaaring masipsip ng mga halaman.
***Kung may pagdududa, itapon na lang.***

Bago pumasok sa iyong tahanan, tanggalin ang iyong sapatos at magpalit ng malinis na damit. Ilagay ang nausukang damit sa isang lagayan (bag) para maiwasang madala ang abo sa iyong tahanan at hugasan ang mga ito sa lalong madaling panahon nang hiwalay upang maiwasang makontamina ang iba (cross contamination).



### Iwasan ang paghahardin kapag ang Indeks ng Kalidad ng Hangin [Air Quality Index (AQI)] ay hindi ligtas


Ang mga sunog sa kalikasasn (wildfire) ay gumagawa ng maraming partikulong bagay (particulate matter) at malalaking piraso ng abo na naglalakbay ng malalayong distansya at isang panganib sa kalusugan. Mag-ingat kung naaamoy mo ang usok o nakakita ng abo.

Hanapin ang kalidad ng hangin ng iyong lugar dito: **https://bit.ly/42iDA40**
Tingnan ang **https://www.aqmd.gov/smokesafety** para sa mga detalye.

### Para sa mga lugar na apektado ng abo na dala ng hangin

**Pinakamahuhusay na Kasanayan para sa pagsusuri ng mga ani ng iyong hardin, kapag ligtas ang kalidad ng hangin:**

- Suriin kung may abo sa ibabaw ng lupa, mga halaman, at mga puno.
- Banlawan muna ang iyong ani gamit ang isang hose o balde ng malinis na tubig sa labas upang alisin ang lupa at abo.
- Hugasan nang mabuti ang mga kamay bago hawakan ang mga prutas/gulay (produce) sa loob.
- Alisin ang mga panlabas na dahon ng litsugas o madahong berdeng gulay.
- Banlawan at kuskusin nang Mabuti ang mga prutas/gulay (produce) sa ilalim ng malamig na tumutulong tubig; balatan bago lutuin o ihain.
- Ibabad ng malalalim ang ugat ng gulay tulad ng kale at malabong prutas tulad ng mga milokoton (peaches) sa isang 10% na solusyon ng puting suka upang alisin ang mga partikulo ng lupa.
- Iwasan ang mga pananim na ugat (root crops) na tumutubo sa lupa tulad ng mga karot o patatas dahil marami itong nakukuhang mga kontaminante.
- Iwasang magtanim ng mga pananim sa kontaminadong lupa.
- Ang wastong paghuhugas ng mga prutas mula sa mga puno ay ligtas na kainin.



**Gumamit ng panlunas na lupa (soil remediation) kung ang mga lugar ay hindi labis na natatakpan ng abo.**
Ang pagdaragdag ng compost, pataba, at peat moss sa iyong lupa ay maaaring mabawasan ang pagsipsip ng kontaminante sa ani. Ang pagtatakip ng walang lamang lupa na may mga maliliit na putol na kahoy (wood chips), mga pinagputulan ng damo, compost, at mas malinis na lupa ay maaaring makabawas sa pagkakalantad sa mga kontaminante. **Huwag** gumamit ng abo bilang abono/pangkondisyon ng lupa sa iyong bakuran o hardin.

Para sa mga katanungan tungkol sa mga patnubay na ito, mangyaring makipag-ugnayan sa Kalusugan para sa Kapaligiran (Environmental Health) sa **ehmail@ph.lacounty.gov** o **(888) 700-9995**.

**Tagalog [1/22/2025]**

County of Los Angeles Public Health